Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

isang sumusulong na bayan tulad ng Santa Rosa upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan; na ang hanapbuhay ay pinagtibay ng kanilang tanggapan; na mayroon ding ganitong istasyon sa bayan ng San Pedro, Carmona at Calamba sapagka't kung ang mga istasyon ay masyadong malayo nagkakaroon ng suliranin sa mga paghahatid lalo na kung may suliranin sa kalikasan; na kung mapapahintulutan ang pagtatayo ng istasyong ito ay magsasagawa ng mga itinatadhanang "safety precautions"; na bago ito magsimula ng operasyon ay magkakaroon ng masusing pagsisiyasat kung tumatalima sa mga itinatadhanang paraan ng pag-iingat; na kung ihahambing sa isang istasyon ng gasolinahan ay mas delikado sapagka't ang gas ng LPG ay non-toxic; na sa pagtatapos ay ipinahayag na kung ang mga gasoline refilling station ay pinapayagan at hindi tinututulan ay bakit naman hindi papayagan ang iisang gas refilling station.

Bilang pagliliwanag ay sinagot din ni G. Simundac tulad ng hindi lahat ng kabuuan ng lupain ay magagamit sa tangke ng gas; na ito ay may layong 70 metro sa daan at kung sakaling sila ay makahahanap ng ibang akmang lugal ay maari nilang ilipat ang istasyon. Batay din sa paliwanag ay napagtanto ng kapulungan na ang hanapbuhay ay maituturing na komersiyal lamang at hindi hanapbuhay pang-industriyal sapagka't ito ay salinan lamang ng gas. Sa pagtatapos ay sinabi ng Punong-bayan na kanilang bibigyan ng lahat ng kinakailangang impormasyon ang mga nagpepetisyon upang kanila namang maliwanagan ang kabuuan ng hanapbuhay.

APPROVED:
RESOLUTION No. 693 - '91
PROVINCIAL BOARD
Disyembre 18, 1991

****

KAUTUSANG BAYAN BLG. LIII-'91
(Sa mungkahi ni Pang. Punong-bayan Dictado na pinangalawahan ni Kag. Puzon)

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagtitibay sa paglalaan ng halagang PITONG LIBO APAT NA RAANG PISO (₱7,400.00) upang iukol sa pagbili ng gamot na gagamitin sa pagbobomba ng lamok at iba pang uri ng insektong nagdadala ng sakit at epidemia sa mga paaralan ng Barangay Kaingin, Aplaya at Sinalhan at pati na rin ang mga tanggapan sa pamahalaang bayan; na ang pamamahala ng pagsasagawa at pagbili ng gamot ay iniaatas kay Kag. Adelo Perez.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ANTONIO B. DICTADO
Pang. Punong-bayan

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

AVELINA R. CIRONELLA
Kagawad

RUFINO P. PAPANGCO
Kagawad

RESTITUTO G. ALMODOVAR
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

REYNALDO C. ENTENA
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ALICIA C. LAZAGA
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad